# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

## Yunit 3
## Modyul Blg. 15
## Gawain: Dapat Pagbutihin

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

*Excellent, outstanding, splendid, laudable…*ilan lamang ang mga ito sa mga katagang ginagamit upang ipakita ang kahusayang nakita sa isang gawain.

Sa ating bansa, may iba't ibang pagkilalang iginagawad sa mga taong nagpamalas ng kahusayan sa kanilang larangan. Ilan sa mga ito ang Ten Outstanding Young Men at Outstanding Teachers.

Ano kaya ang mararamdaman mo kung ang iyong gawain ay bibigyan ng pagkilala dahil sa mahusay na pagkakagawa nito? Kung sakali namang hindi maganda ang iyong trabaho at pintasan ka sa masamang pagkakagawa nito, ano ang iyong mararamdaman?

Ano kaya ang epekto ng gawaing hindi pinagbuti?

Sa pagtunghay mo sa mga gawain sa araling ito, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

Naisasaalang-alang ang maaaring ibunga ng gawaing hindi pinagbuti (L.C. 3.10)

A. Nakikilala ang maaaring ibunga ng gawaing hindi pinagbuti
B. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng gawaing pinagbuti
C. Natutukoy ang mga pagpapahalagang dapat linangin upang mapabuti ang gawain

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong.
6. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
7. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
8. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang mga gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. "Hindi pwede ang pwede na." Ano ang ibig sabihin ng pahayag na ito?

   a. Mahalaga ang mahigpit na pamamalakad.
   b. Bawal ang pagsasabi ng "Pwede na."
   c. Nararapat na laging mahusay ang gawain.
   d. May patakarang dapat sundin sa isang kompanya o pabrika.

2. Ano ang epektong maaaring ibunga ng isang gawaing hindi pinagbuti?

   a. Hindi tayo kalugud-lugod sa Diyos.
   b. May batik ito sa ating pagkatao.
   c. Bababa ang ating pamantayan sa paggawa.
   d. Mawawala ang tiwala ng kapwa.

3. Ang katiwalian sa pondong para sa mga proyektong pambayan ay kadalasang nagiging dahilan ng mga gawaing hindi pinagbuti. Ano ang sanhi nito?

   a. Kulang na ang pondo para sa mga materyales na gagamitin.
   b. Gumaganti ang mga kontraktor sa pamahalaan.
   c. Nais mapabilis ang pagtapos sa mga proyektong pambayan.
   d. Nais nilang makapagsimula na kaagad ng iba pang gawain.

4. Ang pagkakaroon ng *quality control* sa mga pabrika at iba pang pagawaan ay naglalayong matiyak ang:

   a. maraming produktong matatapos.
   b. pagsunod sa tamang pamantayan ng bawat produkto.
   c. pagbabayad ng buwis ng bawat nagawang produkto.
   d. pagsunod ng mga kompanya sa itinatadhana ng *anti-piracy law.*

5. Ang mga taong walang pakialam sa kalidad ng gawaing kanilang natatapos ay kulang sa :

   a. personal na kaayusan.
   b. malasakit sa trabaho.
   c. diwa ng pakikiisa.
   d. palabra de honor.

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg. 1

Basahin mo at unawain ang mga sumusunod na impormasyon:

1. Noong nakataang tag-init, idinaos sa Maynila ang pandaigdigang pagpupulong ng mga *Parliamentarian.* Mahalagang matiyak ang kaligtasan ng lahat ng delegado buhat sa iba't ibang bansa.

   Nagbigay ng pahayag ang Philippine National Police na mahigpit ang ginagawa nilang pagbabantay sa buong CCP Complex at Roxas Boulevard. Lagi silang alerto sa anumang maaaring mangyari lalo na sa banta ng terorismo.

   Hindi pa man natatapos ang pagpupulong, isang delegadong Belgian ang naholdap sa may CCP Complex. Lumabas ito upang mamasyal isang gabi. Ayon sa ulat, isang lalaking nakasakay sa pedicab na may dalang balisong ang nangholdap.

2. Ayon sa ulat ng Metro Manila Development Authority (MMDA) at Department of Public Works and Highways (DPWH), isa sa pinakadelikadong lansangan sa Metro Manila ay ang Commonwealth Avenue sa Quezon City dahil sa dami ng taong naaaksidente dito.

   Maraming *pedestrian* ang nasasagasaan dahil sa pagtawid sa *highway.* Marami ring sasakyan ang madalas nababangga dahil sa bilis ng pagpapatakbo ng mga ito pagdating sa nasabing lugar.

## Sagutin Mo

1. Ginawa ba nang mabuti ng mga taong kinauukulan ang kanilang gawain sa dalawang nabanggit na sitwasyon? Patunayan.
2. Ano ang kahihinatnan kung hindi pagbubutihin ang gawaing iniatas sa iyo? Ipaliwanag.

## Gawain Blg. 2

Mahihinuha mo ba ang maaaring mangyari kung hindi gagawing mabuti ng mga sumusunod ang kanilang gawain? Isulat mo ang iyong sagot sa kaukulang kolum.

| Taong Kinauukulan | Ibubunga kung hindi gagawing mabuti ang gawain |
|---|---|
| 1. Doktor | |
| 2. Dentista | |
| 3. Guro | |
| 4. Abogado | |
| 5. Pangulo ng bansa | |
| 6. Saleslady | |
| 7. Tagapagbalita sa T.V | |
| 8. BIR Auditor | |
| 9. Senador | |
| 10. Clerk | |
| 11. Pulis | |
| 12. Sundalo | |
| 13. Magsasaka | |

| | |
|---|---|
| 14. Mang-aawit | |
| 15. Computer Technician | |

## Sagutin Mo

1. Ano ang maaaring ibunga ng hindi pinagbuting gawain?
2. Sinu-sino ang maaapektuhan kung hindi gagawing mabuti ng mga nabanggit ang kanilang gawain?

## Gawain Blg. 3

Basahin mo ang kuwento at iugnay sa dalawang natapos na gawain.

**Pamantayan**

Sa isang maliit na nayon, may isang lalaking palaging humihinto sa isang tindahan ng mga orasan tuwing umaga upang iayos ang oras sa kanyang relo.

Isang araw, hindi na nakatiis ang may-ari ng tindahan at lumabas upang tanungin ang lalaki. " Bakit ka humihinto tuwing umaga sa harapan ng aking tindahan at iniaayos ang iyong relo?"

Tumugon ang lalaki, "Nagtatrabaho ako sa isang malaking pabrika sa kabilang kalye, at ako ang tagapamahala sa pagtugtog ng kampana tuwing tanghali. Humihinto ako rito sa inyong tindahan upang siguruhin na tama ang oras sa aking relo."


"Nakatutuwa naman, pero maniniwala ka ba na tuwing tutugtog ang kampana sa inyong pabrika tuwing tanghaling tapat, tinitingnan ko ang aking mga relo at sinisigurong tama ito sa inyong oras." Pangiting tugon ng may-ari.

## Sagutin Mo

1. Ano ang pagpapahalagang ipinakita ng tagatugtog ng kampana sa gawaing nakaatas sa kanya?
2. Paano nakaimpluwensya sa iba ang maayos niyang pagsasagawa ng kanyang gawain sa araw-araw?
3. Paano mo iuugnay ang mensahe ng kuwento sa unang dalawang gawain?

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

Sa mga gawaing iyong natapos, natitiyak kong may mahalagang bagay kang natutuhan. Sa tulong ng mga gabay na salita sa ibaba, isulat mo ang konseptong iyong natutuhan sa araling ito.




Konsepto:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

# V. Pagpapatibay

### Kung Pagbubutihin Lamang ang Gawain

Anuman ang gawaing maiatang sa ating mga kamay, gaano man ito kalaki o kaliit, mahalagang gawin natin ito nang buong husay. Ang bawat natapos na gawain ay may tatak ng gumawa nito. Repleksyon ito ng pagkatao o katauhan ng gumawa.

Ito ang dahilan kung bakit mahalagang lagi nating isaisip na dapat ingatan at pagbutihin ang bawat gawain. Maaaring hindi natin nakikita ng tuwirang epekto ng ating paggawa, ngunit may mga naaapektuhan ng ating gawaing hindi pinagbuti.

Tingnan mo na lamang ang ilan sa mga balitang gumulat sa atin nitong mga nagdaang buwan at taon.

Ang pagkakalason at pagkamatay ng mahigit sa 20 batang mag-aaral sa isang paaralang elementarya sa Bohol dahil sa pagkain ng itinindang kamoteng kahoy. Ayon sa pagsusuri, may nahalong nakalalasong kemikal sa mantikang ginamit sa pagluluto. Kahit pa sabihing hindi intensyon ng nagluto na mangyari iyon, kung naging maingat lamang sana siya at siniguro ang kalinisan ng kanyang mga ginagamit sa pagluluto, hindi ito mangyayari.

Ang pagpapasabog ng LRT sa Blumentritt Station sa Maynila noong Disyembre 30, 2000 ay hindi sana naganap kung ang mga guwardiya at pulis ay naging mahigpit sa kanilang pagsasaliksik ng mga bagahe ng bawat pasahero. Dahilan sa naging maluwag sila at hindi naging puspusan sa pagtupad ng kanilang gawain, nalusutan sila ng mga masasamang-loob na nagpasabog dito.

Kung ang bawat halal na opisyal ng bayan ay gagawin nang mabuti ang trabahong dapat nilang gawin, tiyak na naibsan na kahit papano ang kalagayan ng maralitang mamamayan. Subalit dahil sa hindi nila ito ginagawa, patuloy ang paghihikahos ng nakararami.


Mahalaga ang pagkakaroon ng wastong pamantayan sa anumang gawain. Sa pamantayang ito sinusukat kung nagagawa ba natin ng mabuti ang ating gawain.

Bagaman hindi tayo tulad ng mga produkto na may dinadaanang *quality control* upang malaman kung papasa ba o hindi sa pamantayang itinakda, mahalagang magkaroon tayo ng sariling pamantayan sa paggawa. Nakabatay ito sa katotohanang dapat nating pagbutihin anuman ang ating gawain sapagkat may Diyos na laging nagmamasid sa atin. Siya ang ating hindi nakikitang *supervisor* na dapat nating bigyang kasiyahan. Naiaangat natin ang ating

dignidad bilang tao kung lahat ng ating ginagawa (lalo na ang ating hanapbuhay o trabaho) ay kalugud-lugod sa Kanya.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

1. Bakit sinasabing taglay ng isang gawain ang tatak ng gumawa nito?
2. May mga gawain ka bang natapos na hindi naging kasiya-siya ang resulta para sa iyo? Paano mo maiiwasang maulit pa ang ganitong pangyayari sa hinaharap?
3. Anu-anong mga pagpapahalaga ang dapat mong linangin upang mapabuti ang iyong mga gawain?



## VII. Gaano Ka Natuto?

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. "Hindi pwede ang pwede na." Ano ang ibig sabihin ng pahayag na ito?

   a. Mahalaga ang mahigpit na pamamalakad.
   b. Bawal ang pagsasabi ng "Pwede na."
   c. Nararapat na laging mahusay ang gawain.
   d. May patakarang dapat sundin sa isang kompanya o pabrika.

2. Ano ang epektong maaaring ibunga ng isang gawaing hindi pinagbuti?

   a. Hindi tayo kalugud-lugod sa Diyos.
   b. May batik ito sa ating pagkatao.
   c. Bababa ang ating pamantayan sa paggawa.
   d. Mawawala ang tiwala ng kapwa.

3. Ang katiwalian sa pondong para sa mga proyektong pambayan ay kadalasang nagiging dahilan ng mga gawaing hindi pinagbuti. Ano ang sanhi nito?

   a. Kulang na ang pondo para sa mga materyales na gagamitin.
   b. Gumaganti ang mga kontraktor sa pamahalaan.
   c. Nais mapabilis ang pagtapos sa mga proyektong pambayan.
   d. Nais nilang makapagsimula na kaagad ng iba pang gawain.

4. Ang pagkakaroon ng *quality control* sa mga pabrika at iba pang pagawaan ay naglalayong matiyak ang:

   a. maraming produktong matatapos.
   b. pagsunod sa tamang pamantayan ng bawat produkto.
   c. pagbabayad ng buwis ng bawat nagawang produkto.
   d. pagsunod ng mga kompanya sa itinatadhana ng *anti-piracy law.*

5. Ang mga taong walang pakialam sa kalidad ng gawaing kanilang natatapos ay kulang sa :

   a. personal na kaayusan.
   b. malasakit sa trabaho.
   c. diwa ng pakikiisa.
   d. palabra de honor.

# VIII. Mga Sanggunian

De Torre, Joseph M. *Roots of Society*. Manila:Sinag-Tala Publishers, Inc. 1977.

**Susi sa Pagwawasto**

Handa Ka Na ba?

1. c
2. b
3. a
4. b
5. b
6. c

Gaano Ka Natuto?

1. c
2. b
3. a
4. b
5. b
6. c